**MESSAGE**
**Ms. SONIA B. MALALUAN**
**Administrator, Maritime Industry Authority**

**Pasasalamat sa Marinong Pilipino**
**25 June 2024, Rizal Park, 0730H**

---

Magandang araw po sa ating lahat.

Sa pagtaas at pagwagayway ng bandila ng Pilipinas, nawa'y patuloy nating itaas ang kapakanan ng Marinong Pilipino.

Sa araw na ito, tayo ay nagtitipon upang kilalanin at parangalan ang mga tahimik na bayani ng ating bayan – ang ating mga seafarers, pati na rin ang kanilang mga pamilya na walang sawang sumusuporta sa kanila.

Ngayong araw ay ginugunita at ipinagdiriwang natin ang Day of the Filipino Seafarer. Ang pagiging isang seafarer ay isang marangal na propesyon na puno ng pagsasakripisyo at tapang. Ang ating mga marino ay humaharap sa malalakas na alon, naglalayag sa iba't-ibang dako ng mundo, at malayo sa kanilang mga mahal sa buhay. Ang kanilang sakripisyo ay hindi matatawaran. Sila ang nagdadala ng malaking bahagi ng kalakalang pandaigdig, na nagbibigay ng suporta hindi lamang sa kanilang mga pamilya kundi pati na rin sa ating ekonomiya. Ang kanilang ambag sa ating bansa ay napakalaki, at ito ay nararapat lamang na kilalanin at ipagmalaki.

Sa bawat barkong naglalayag, bitbit ng ating mga seafarers ang bandila ng Pilipinas bilang kinatawan nito. Ipinapakita nila sa mundo ang husay, dedikasyon, at tibay ng mga Pilipino. Ang kanilang kasanayan at propesyonalismo ay kinikilala at pinapahalagahan sa iba't-ibang sulok ng mundo. Sila ang buhay na ehemplo ng katapangan at pagtitiis, mga katangiang


MARINA Building
20th Street corner Bonifacio Drive
1018 Port Area (South), Manila
www.marina.gov.ph
Philippines
Tel. Nos. (632) 8523-9078 / 526-0971
Fax No: (632) 8524-2895
Website:

labis nating ipinagmamalaki. Sa kanilang pagtatrabaho sa malalayong lugar, sila ay nagiging simbolo ng katatagan at malasakit ng mga Pilipino.

Ngunit hindi lamang ang ating mga marino ang nararapat na kilalanin. Ang mga pamilya nila ay may mahalagang papel din na ginagampanan. Kayo ang nagbibigay-inspirasyon sa ating mga marino upang magpatuloy at magsikap para sa kanilang mga pangarap at sa ikabubuti ng kanilang mga pamilya. Ang inyong walang sawang suporta, pag-unawa, at pagmamahal ang nagbibigay-lakas sa ating mga seafarers. Sa bawat minuto ng inyong paghihintay at pagdarasal, kayo ay kabahagi ng kanilang tagumpay at sakripisyo.

Ang Pilipinas ay isa sa mga pinakamalaking provider ng seafarers sa pandaigdigang kalakalang pandagat. Dahil dito, makakaasa po kayo na kami sa Maritime Industry Authority ay patuloy na magbabalangkas ng mga panuntunan at programa na higit pang magpapaunlad ng inyong kaalaman at kakayanan na alinsunod sa mga international standards. Aming patuloy na aalagaan at isusulong ang inyong interes at kapakanan upang lalong mapalakas ang kanilang pagiging key workers at seafarer of choice.

Bago ako magtapos, nais kong pasalamatan ang Seafam International at Southern Institute of Maritime Studies at lahat nang nakiisa sa natatanging pagtitipon na ito.

Muli, sa ating mga magigiting na seafarers at kanilang mga pamilya, maraming salamat sa inyong dakilang kontribusyon at sakripisyo. Ang inyong katapangan at dedikasyon ay nagbibigay-inspirasyon sa ating lahat. Nawa'y patuloy kayong pagpalain ng Maykapal at bigyan ng lakas ng loob upang harapin ang mga hamon ng buhay.

Maraming salamat po at magandang araw sa inyong lahat. Mabuhay ang mga Marinong Pilipino!